GRADE 9
K to 12 BEC

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 1: Linggo 1

## Mga Pangunahing Konsepto ng Ekonomiks




SCHOOLS DIVISION OF ANTIQUE

PAGMAMAY-ARI NG GOBYERNO
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Linggo 1: Mga Pangunahing Konsepto ng Ekonomiks**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng mga Paaralan ng Antique

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Luzvisminda M. Gadayan

**Editor:** Maphilin A. Vedad

**Tagasuri:** Eleanore M. Dagala PhD

**Tagalapat:** Jon Andro P. Servano

**Tagapamahala:** Felisa B. Beriong, CESO VI
Corazon C. Tingson, CESE
Gaudencio C. Riego PhD
Schubert Anthony Sialongo
Eleanore M. Dagala, PhD
Phoenix Alianah Zandria Q. Salcedo-Tordesillas
Marian Rose B. Sarmiento

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region VI – Schools Division of Antique**

Office Address: Binirayan Hill, San Jose de Buenavista, Antique
Telefax: (036) 540-9837
E-mail Address: antique@deped.gov.ph

9

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1: Linggo 1

## Mga Pangunahing Konsepto ng Ekonomiks

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang (Araling Panlipunan Baitang 9) ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Pangunahing Konsepto ng Ekonomiks !

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan Baitang 9** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Mga Pangunahing Konsepto ng Ekonomiks**!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalayong maipamalas mo bilang mag-aaral ang iyong pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay. Naglalayon din itong maisabuhay mo ang mga pangunahing konsepto ng ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang modyul na ito ay naglalaman ng sumusunod na aralin:

- Aralin 1 – Kahulugan ng Ekonomiks

Sa pagtatapos ng araling ito, inaasahang ikaw ay:

1. makapagbibigay ng kahulugan ng ekonomiks;
2. makapagsasabi sa dalawang uri ng ekonomiks;
3. makapagisa-isa ang mga ekonomistang nagbigay ng iba't ibang kaisipan ukol sa ekonomiks;
4. makapaglalapat ng kahulugan ng ekonomiks sa pang-araw-araw na pamumuhay bilang isang mag-aaral at kasapi ng pamilya at lipunan;

## *Subukin*

Basahin at unawaing mabuti ang mga katanungan. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Ito ay isang sangay ng agham panlipunan na may kinalaman sa pagtugon sa tila walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao gamit ang limitadong pinagkukunang-yaman.
   A. Ekonomiks
   B. Physics
   C. Ethics
   D. Logic

2. Alin ang higit na naglalarawan ng agham ng ekonomiks?
   A. limitadong yaman at limitadong pangangailangan
   B. masaganang yaman at limitadong pangangailangan
   C. limitadong yaman at walang katapusang pangangailangan
   D. masaganang yaman at walang katapusang pangangailangan

3. Ang ekonomiks ay unang nakilala bilang
   A. Classical economy
   B. Political economy
   C. National economy
   D. Modern economy

4. Ang ekonomiks ay pinag-aaralan ng mga mag-aaral sapagkat
   A. bahagi ito ng kurikulum
   B. gusto nilang maging ekonomista
   C. kailangan nila ito sa buhay
   D. ibig nilang maunawaan ang mga pangyayari sa buong bansa

5. Ang salitang pinagmulan ng katawagang ekonomiks ay
   A. Ekonomos
   B. Oikonomics
   C. oikonomia
   D. aikonomos

6. Ang ekonomiks ay nag-uugnay sa iba't ibang agham ng pag-aaral kaya malawak ang saklaw ng pag-aaral nito. Anong agham ng pag-aaral ang kinabibilanagan ng ekonomiks?
   A. Physical sciences
   B. Social sciences
   C. Abstract sciences
   D. Natural sciences

7. Tinagurian siyang "Ama ng Makabagong Ekonomiks"
   A. Adam Smith
   B. Thomas Malthus
   C. Karl Marx
   D. John Maynard Keynes

8. Sila ang mga taong nag-aaral sa pagpili at pagdedesisyon ng mga tao at lipunan.
   A. Economist
   B. Philosopher
   C. Columnist
   D. Philantropist

9. Bakit lahat ng tao ay patuloy na nagsusumikap sa buhay
   A. upang tularan ng kanyang kapwa
   B. upang magkaroon ng kapangyarihan
   C. upang magkaroon ng sapat na ikabubuhay
   D. upang maging tanyag

10. Ito ang responsible sa pagpapanatili sa katatagan ng ekonomiya ng bansa
   A. tao
   B. pamahalaan
   C. lipunan
   D. pamilya

11. Ano ang naidudulot ng mabilis na paglaki ng populasyon kaysa Produksiyon?
   A. gutom
   B. sakit
   C. digmaan
   D. alitan

12. Ang paghahati ng mga gawain sa produksiyon ayon sa kakayahan at kapasidad sa paggawa ay tinatawag na.
   A. dibisyon
   B. alokasyon
   C. distribusyon
   D. espesyalisasyon

13. Ang Ekonomiks ay hango sa salitang Griyego na "oikos" at "nomos" na Nangangahulugang
   A. Pamamahala ng negosyo
   B. Pamamahala ng yaman
   C. Pamamahala ng tahanan
   D. Pamamahala ng bansa

14. Pangunahing batayan sa pag-aaral ng ekonomiks ay ang suliranin ng kakapusan.Bakit nagkakaroon ng kakapusan?
   A. Dahil sa mapang-abusong paggamit ng likas na yaman
   B. Dahil sa mga kalamidad na pumipinsala sa mga pinagkukunang-yaman
   C. Dahil limitado ang pinagkukunang-yaman subalit walang katapusan ang pangangailangan at kagustuhan ng tao
   D. Dahil sa mapagsamantalang negosyante na tinatago ang produkto

15. Ang suliranin ng kakapusan ay maaaring malulutas sa pamamagitan ng ___________
   A. Matalinong paggamit ng limitadong pinagkukunang-yaman
   B. Pagkakaroon ng maraming pera at ari-arian
   C. Pagtatago ng maraming pagkain sa panahon ng krisis
   D. Pagdarasal na manalo sa lotto


# Aralin 1 Kahulugan ng Ekonomiks

Araw-araw gumagawa ng desisyon ang tao mula sa simple hanggang sa pinakakumplikado. Nagpapasya siya kung ano at alin ang higit na mahalaga sa marami niyang pamimilian.Bata man o may edad, basta't may pangangailangan at kagustuhan na kailangang mapunan, ay masasabing maiuugnay ang kaniyang sarili sa ekonomiks.



## *Balikan*

### Gawain 1: ANO ANG PIPILIIN KO!




**Pamprosesong Tanong**: Isulat ito sa inyong sagutang papel

1. Alin sa mga gawain sa itaas ang nais mong gawin? Bakit?
2. Bakit kailangang pumili ang tao sa mga gawain na gusto niyang gawin?



***Mga Tala para sa Guro***

*Ang pagpili at pagdedesisyon ay bahagi ng buhay ng tao. Ito'y maaaring gawin ng isang indibidwal o isang pangkat. Anuman ang ating maging desisyon, malaki ang epekto nito sa ating buhay at sa ekonomiya.*



# *Tuklasin*

## Kahulugan ng Ekonomiks

Ang Ekonomiks ay isang sangay ng agham panlipunan (**social science**) na nag-aaral kung paano tutugunan ang tila walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao gamit ang limitadong pinagkukunang-yaman. Ito ay nagmula sa salitang Griyego na oikonomia, ang oikos ay nangangahulugang bahay, at ang nomos na pamamahala (Villoria,2000).Ang ekonomiks ay unang nakilala bilang political economy na sentral na paksa ng mga pilosopo o philosopher.Ang mga pilosopo noon ay kilala na sa tawag ngayon na ekonomista (economist) na siyang nag-aaral ukol sa pagpili at pagdedesisyon ng mga tao at lipunan at ang epekto nito sa buong ekonomiya.Ang kaisipan ng ekonomiks ay nahiwalay sa kaisipan ng political economy dahil pinagtuunan ng pansin ng ekonomiks ang mga gawain ng tao na may kinalaman sa pangkabuhayan at paraan ng pamumuhay.

## Uri ng Ekonomiks

Ang pag-aaral ng ekonomiks ay nahahati sa dalawang pangunahing sangay: ang Maykroekonomiks (**microeconomics**) o pag-aaral sa maliit na yunit ng ekonomiya. Ito ay nakatuon sa desisyon ng bawat pamilya at bahay-kalakal at ang Makroekonomiks (macroeconomics) naman ay nakasentro sa komposisyon at galaw ng pambansang ekonomiya tulad ng konseptong may kinalaman sa implasyon, patakarang piskal, patakaran sa pananalapi, pambansang badyet,at pambansang ekonomiya.

**Mga mahahalagang konsepto sa ekonomiks sa pagbuo ng matalinong pagdedesisyon**



Bahagi na ng buhay ng tao ang pagkakaroon ng mga pagpili (choice). Sa pagproseso ng pagpili mula sa mga choice, hindi maiiwasan ang trade –off. Ang **trade-off** ay ang pagpili o pagsasakripisyo ng isang bagay kapalit ng ibang bagay. Mahalaga ang trade-off, sapagkat sa pamamagitan nito ay maaaring masuri ang mga pagpipilian sa pagbuo ng pinakamainan na pasya. Halimbawa, mag-aaral ka ba o maglalaro?

Sa ginawang pagsasakripisyo ay may opportunity cost. Ang **opportunity cost** ay tumutukoy sa halaga ng bagay o ng best alternative na handang ipagpalit sa bawat paggawa ng desisyon (Case, Fair at Oster, 2012). Ang opportunity cost ng paglalaro sa naunang halimbawa ay ang halaga ng pag-aaral na ipinagpalibang gawin.


Kahit nakabuo nang desisyon ay hindi pa rin maiiwasang magbago ng isip sa bandang huli. Ito ay dahilan sa mga **insentibo** na iniaalok ng mga lumikha ng produkto at serbisyo. Tulad ng pag-aalok ng mas mura at magandang serbisyo at pagbibigay ng mas maraming pakinabang sa bawat pagkonsumo ng mga produkto at serbisyo. Maaari ding mailalarawan ang insentibo sa kung magbibigay ng karagdagang allowance ang mga magulang kapalit ng mas mataas na marka na pagsisikapang makamit ng mag-aaral.

May kasabihan sa ekonomiks na "Rational people think at the margin". Ang ibig sabihin nito ay sinusuri ng isang indibidwal ang karagdagang halaga o **marginal thinking** maging ito man ay gastos o pakinabang na makukuha mula sa gagawing desisyon.Sa gagawing desisyon sa pagitan ng pag-aaral at paglalaro, karagdagang allowance at mataas na grade, ay masabing maaaring maging matalino sa paggawa ng desisyon ang isang tao.


## Mga Ekonomistang nagbigay ng iba't ibang kaisipan sa Ekonomiks

| | |
|---|---|
| **Adam Smith**<br> | • Ama ng Makabagong Ekonomiks<br>• Doktrinang laissez-faire o Let Alone Policy ang nagpapaliwanag na hindi dapat makialam ang pamahalaan sa pagpapatakbo ng ekonomiya ng pribadong sektor, sa halip, pagtuunan ng pansin ang pagpapanatili ng kapayapaan ng bansa.<br>• Ang espesyalisasyon ay paghahati ng mga gawain sa produsiyon ayon sa kapasidad at kakayahan sa paggawa.<br>• Sumulat ng aklat na "An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of Nations." |
| **Davic Ricardo**<br> | • Law of Diminishing Returns- ang patuloy na paggamit ng tao sa mga likas na yaman ay nagiging dahilan ng pagliit ng nakukuha mula sa mga ito.<br>• Law of Comparative Advantage – isang prinsipyong nagsasaad na mas nakalalamang ang mga bansa na nakagagawa ng mga produkto sa mas mababang halaga (production cost) kumpara sa ibang bansa. |
| **John Maynard Keynes**<br> | • Father of Modern Theory of Employment<br>• Ang pamahalaan ay may mas malaking gampanain sa pagpapanatili ng katatagan at balanse sa ekonomiya sa pamamagitan ng paggastos ng pamahalaan.<br>• Sumulat ng aklat na "General Theory of Employment, Interest and Money." |

Pinagkukunan: Cruz, N., Lim, A., Viloria, E., Quiray, R. (2000). Ekonomiks: Batayang Aklat para sa Ikaapat na Taon. Quezon City: SD Publication, Inc.

| | |
|---|---|
| **Thomas Robert Malthus**  | • Binigyang-diin ang mga epekto ng mabilis na paglaki ng populasyon.<br>• Malthusian Theory – ang populasyon ay mas mabilis lumaki kaysa supply ng pagkain na nagdudulot ng labis na kagutuman sa bansa. |
| **Karl Marx**  | • Ama ng Komunismo<br>• Sumulat ng "Das Kapital" na naglalaman ng mga aral ng komunismo<br>• Sumulat ng"Communist Manifesto" kasama ni Friedrich Engels.<br>• Naniniwala na ang estado ang dapat na nagmamay-ari ng mga salik ng produksiyon at gumagawa ng desisyon ukol sa produksiyon at distribusyon ng yaman ng bansa<br>• Isinulong na ang rebolusyon ng mga proletariat ang magpapatalsik sa mga kapitalista. |

Pinagkukunan: Cruz, N., Lim, A., Viloria, E., Quiray, R. (2000). Ekonomiks: Batayang Aklat para sa Ikaapat na Taon. Quezon City: SD Publication, Inc.




## *Suriin*

### Gawain 2: TANONG KO, SAGUTIN MO!

Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Paano naaapektuhan ng agham ng ekonomiks ang inyong pang-araw-araw na buhay?
2. Bakit ang tao at lipunan ang sentro ng pag-aaral ng ekonomiks?
3. Bakit walang katapusan ang pangangailangan ng tao?
4. Anu-ano ang mga konsepto na makatutulong sa matalinong pagdedesisyon?
5. Paano ka makatutulong upang lubusang pakinabangan ng ating bansa ang mga pinagkukunang yaman?




# *Pagyamanin*

## Gawain 3: A. MIND MAPPING

Isaayos ang ginulong pigura ng mind map. Isulat sa text box ng mind map ang mga konseptong nakalahad sa talahanayan sa ibaba. Gamiting batayan sa pagbuo ang arrows at lines.Isulat ito sa inyong sagutang papel.

| Mga Konsepto | | |
|---|---|---|
| **Walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao** | **EKONOMIKS** | **Kakapusan sa pinagkukunang-yaman** |



## Gawain 4: B. FILL IT RIGHT

Ibigay ang pamagat ng aklat ng mga ekonomista na luminang sa iba't ibang kaisipan ukol sa ekonomiks. Maaring ilagay ang inyong sagot sa sagutang papel.

| MGA EKONOMISTA | AKDA |
|---|---|
| 1. Thomas Malthus | |
| 2. John Maynard Keynes | |
| 3. Karl Marx | |
| 4. Adam Smith | |
| 5. David Ricardo | |

## Gawain 5. C. BUUHIN MO AKO!

Punan ang patlang upang mabuo ang depenisyon ng ekonomiks. Isulat ito sa sagutang papel.

Ang ________________ ay isang sangay ng ________________ na may kinalaman sa pag-aaral kung paano nagpapasiya ang lipunan kaugnay ng pagbabahagi-bahagi sa mga ________________ pinagkukunang- yaman para tugunan ang walang katapusang ________________ at ________________ ng tao.




## *Isaisip*

Ang ekonomiks ay agham panlipunan dahil masusing sinusuri nito ang kalagayan ng tao at lipunan.

Ang pagpili at pagdedesisyon ay pangunahing konsepto na mahalaga sa ekonomiks.

Ang ginagawang pagpili ng tao sa ngayon ay nakaaapekto sa kanyang kinabukasan.

Ang kaisipan tungkol sa ekonomiks ay unti-unting nagkaroon ng pag-unlad hanggang maging isang pormal na disiplina.Patuloy ito sa pagbabago at pag-unlad kasabay ng takbo ng panahon.



## *Isagawa*

### Gawain 6: MAG LEVEL – UP KA!

Isulat ang **A** kung Sang-ayon, at **B** kung Di-sang-ayon ang pahayag ukol sa ekonomiks. Isulat sa sagutang papel ang inyong mga kasagutan.

1. Ang pag-aaral ng ekonomiks ay mahalaga sa tao.
2. Ang limitadong yaman ay walang kalutasan
3. Lahat tayo ay kumikilos upang mabuhay
4. Malaki ang papel ng pamahalaan sa pag-unlad ng bansa.
5. Lahat ng opisyal ng gobyerno ay nag-aaral ng ekonomiks.
6. Ang ekonomiks ay isang simpleng aralin
7. Ang lupa ay kasinghalaga ng ginto at pilak sa pag-unlad ng bansa.
8. Naging komplikado ang buhay ng tao dahil sa ekonomiks.
9. Ang tao ang dahilan ng limitadong yaman ng bansa.
10. Ang walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao ay kathang-isip lamang.

## Gawain 7: AKO BILANG MAG-AARAL, KASAPI NG PAMILYA AT LIPUNAN

Sagutin ang sumusunod na katanungan gamit ang konseptong iyong natutuhan tungkol sa ekonomiks.Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Paano nakatutulong ang mga kaalaman sa ekonomiks sa pang araw-araw mong buhay bilang isang mag-aaral?
2. Bilang mga mag-aaral, kasapi ng pamilya at lipunan, anu-ano ang hakbanging dapat ninyong bigyang-pansin o dapat isaaalang-alang upang makamit ang layunin ng ekonomiks na matugunan ang pangangailangan sa kabila ng suliranin sa kakapusan?



# *Tayahin*

## KAALAMAN SA KATAWAGAN:

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa inyong sagutan papel.

1. Ito ay sangay ng agham panlipunan na nagsusuri sa wastong pamamahagi ng mga pinagkukunang-yaman upang magamit sa pagbuo ng mga produkto at serbisyong makatutugon sa kagustuhan at pangangailangan ng tao.
   A. Ekonomiks
   B. Econometrics
   C. Makroekonomiks
   D. Maykroekonomiks
2. Sangay ng ekonomiks na may kinalaman sa pag-aaral sa maliit na yunit ng ekonomiya.
   A. Makroekonomiks
   B. Maykroekonomiks
   C. Araling Panlipunan
   D. Agham Panlipunan
3. Ano ang pinakamahalagang layunin ng ekonomiks bilang isang agham panlipunan?
   A. Maibigay ang hilig ng mga maririwasang tao kahit na maraming mahihirap.
   B. Maitaas ang antas ng pamumuhay ng lahat ng mamamayan sa isang bansa.
   C. Mapag-aralan ang pamamaraan ng pagtaas ng pambansang kita.
   D. Makalikha ng mga produkto at serbisyong pandaigdig at makapaglingkod sa ibang bansa.

4. Tumutukoy ito sa halaga ng bagay o best alternative na handang ipagpapalit sa bawat paggawa ng desisyon.
   A. Trade-off  C. Marginal Thinking
   B. Incentives  D. Oppurtunity Cost

5. Ang ekonomiks ay unang nakilala bilang
   A. Political Sciene  C. Political Economy
   B. Political Studies  D. Political Will

## B. PAGTAPAT-TAPATIN:


Hanapin sa Hanay B ang mga ekonomistang may akda ng mga aklat na nasa Hanay A. Piliin ang titik ng tamang sagot at ilagay ito sa inyong sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Wealth of Nations | A. Karl Marx |
| 2. Law of Diminishing Marginal Returns | B. Adam Smith |
| 3. General Theory of Employment | C. Thomas Malthus |
| 4. Das Kapital | D. John Maynard Keynes |
| 5. Malthusian Theory | E. David Ricardo |

## C. JUMBLED LETTERS:

Gamit ang mga pinaghalo-halong letra, tukuyin ang mga konsepto at salitang inilalarawan ng sumusunod na pahayag. Isulat ang nabuong salita sa inyong sagutang papel.

1. Pag-aaral sa kabuuan ng ekonomiya.
   **( K S M A R O E K I M O N O K )**
2. Pagsusuri ng karagdagang halaga na makukuha mula sa gagawing desisyon. **( G I L A N A R M  G N I T K H N I )**
3. Salitang Griyego para sa pamamahala. **( O S O N M )**
4. Salitang Griyego na nangangahulugang bahay. **( I O K S O )**
5. Prinsipyong nagsasaad na ang pamahalaan ay hindi dapat makialam sa pagpapatakbo ng ekonomiya ng pribadong sector.
   **( I S E S A L Z  R E I F A )**




# *Karagdagang Gawain*

## Gawain 8: PAGSULAT NG REPLEKSIYON

Sumulat ng isang maikling repleksiyon tungkol sa iyong natutuhan at reyalisasyon tungkol sa kahulugan ng ekonomiks sa iyong buhay bilang mag-aaral at bilang kasapi ng pamilya at lipunan.Ang gawain ay mamarkahan ayon sa sumusunod na pamantayan.Gawin ito sa papel.

| RUBRIK SA PAGTATAYA NG REPLEKSIYON | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **DIMENSIYON** | **NAPAKAHUSAY**<br>**4 PUNTOS** | **MAHUSAY**<br>**3 PUNTOS** | **KATAMTAMAN**<br>**2 PUNTOS** | **NANGANGAILA-NGAN NG PAGPAPABUTI**<br>**1 PUNTOS** |
| Buod ng aralin, paksa, o gawain | Maliwanag at kumpleto ang pagbuod ng araling tinalakay | Maliwanag subalit may kulang sa detalye sa paksa o araling tinalakay | Hindi gaanong maliwanag at kulang sa ilang detalye sa paksa o araling tinalakay | Hindi maliwanag at marami ang kulang sa mga detalye sa paksa o araling tinalakay |
| Presentasyon ng pagkakasulat<br>o Maayos ang pagkakasunod- sunod ng mga ideya<br>o Hindi paligoy-ligoy ang pagkakasulat<br>o Angkop ang mga sakitang ginamit<br>o Malinis ang pagkakasulat | Lahat ng pamantayan ay matatagpuan sa kabuuang repleksiyon | Tatlo lamang sa mga pamantayan ang matatagpuan sa kabuuan ng repleksiyon | Dalawa lamang sa mga pamantayan ang matatagpuan sa kabuuan repleksiyon | Isa lamang sa mga pamantayan ang matatagpuan sa kabuuang replesiyon |



# *Susi sa Pagwawasto*

**Pagyamanin**

A. Ekonomiks

- walang katapusang pangangailangan at kagustuhan ng tao
- kakapusan sa pinagkukunang-yaman

B.
1. Malthusian Theory
2. General Theory of Employment, Interest and Money
3. Das Kapital/Communist Manifesto
4. Smith: An Inquiry into the Nature and Causes of the Wealth of Nations
5. Law of Diminishing Returns/ Law of Comparative Advantage

C. Ang ekonomiks ay isang sangay ng agham panlipunan na may kinalaman sa pag aaral kung paano nagpapasiya ang lipunan kaugnay ng pagbabahagi- bahagi sa mga limitadong pinagkukunang- yaman para tugunan ang walang katapusang pangangailangan at kagustuhan

**Subukin**

1. A
2. C
3. B
4. D
5. C
6. B
7. A
8. A
9. C
10. B
11. A
12. D
13. C
14. C
15. A

**Isagawa**

1. A
2. B
3. A
4. A
5. A
6. B
7. A
8. B
9. A
10. B

**Tayahin**

A.
1. A
2. B
3. B
4. D
5. C

B.
1. B
2. E
3. D
4. A
5. C

C.
1. Makroeconomiks
2. Marginal Thinking
3. Nomos
4. Oikos
5. Laissez faire

# *Sanggunian*


Balitao, B., Ong, J., Cervantes, M., Ponsaran, J, Nolasco, L, & Rillo, J. (2012). Ekonmiks: Mga Konsepto at Aplikasyon. Quezon City, Philippines: Vibal Publishing House, Inc.

Balitao, B., Buising, M., Garcia, E., De Guzman, A., Lumibao Jr, J., Mateo, A., Mondejar, I., (2015). Ekonomiks: Araling Panlipunan, Modyul Para sa Mag-aaral. Quezon City, Philippines: Vibal Publishing House, Inc.

Cruz, N., Lim, A., Viloria, E., Quiray, R. (2000). Ekonomiks: Batayang Aklat para sa Ikaapat na Taon. Quezon City: SD Publication, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

**Department of Education – Region VI – Schools Division of Antique**

Office Address: Binirayan Hill, San Jose de Buenavista, Antique

Telefax: (036) 540-9837

E-mail Address: antique@deped.gov.ph